POWERLINES
THE OFFICIAL NEWSLETTER OF FLECO, INC.


Liwanag sa Dulo ng Lawa:
FLECO, Naghahatid ng Pag-asa sa Sitio Pulot-Bay

KALAYAAN, LAGUNA — Isang makabuluhang site visit ang isinagawa ng First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) sa Sitio Pulot-Bay Elementary School (SPBES), Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna noong Hulyo 7, 2026, sa pangunguna ni General Manager Engr. Richard B. Mondez, bilang paghahanda sa planong solar installation sa naturang paaralan.

Ang site visit ay paghahanda sa pagkakaloob ng solar panels sa SPBES — isang paaralang kasalukuyang walang kuryente, signal, at internet. Ang proyektong ito ay bahagi ng Last Mile Schools Program ng Department of Education (DepED), sa pakikipagtulungan ng Department of Energy at National Electrification Administration na naglalayong magdala ng de-kalidad na edukasyon at modernong pasilidad sa mga pinakamalalayong komunidad sa bansa.

Ipagpapatuloy sa pahina 2...

Liwanag sa Dulo ng Lawa: FLECO, Naghahatid ng Pag-asa sa Sitio Pulot-Bay



Pagpapatuloy...

Sa pamamagitan ng solar energy, magkakaroon ang paaralan ng alternatibong pagkukunan ng kuryente na maaaring makatulong sa paglikha ng mas angkop na learning environment para sa mga mag-aaral at guro.

Hindi Hadlang ang Layo sa Pagbibigay ng Tulong

Kasunod ng site visit ay ang “Bahay-Liwanag at Kaligtasan” Outreach Program ng FLECO noong Hulyo 22, 2026, bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-47 Anibersaryo ng PHILRECA.

Sa pangunguna ni Engr. Mondez, kasama ang Institutional Services Department sa pamumuno ni ISD Manager Ginena J. Palma, nakapaghatid ang koop ng hygiene kits, grocery packs, at pananghalian sa 81 pamilya sa komunidad.

Nagkaroon din ng maikling talakayan tungkol sa disaster preparedness na pinangunahan ni Safety Officer Myron Baranda.

Upang marating ang Sitio Pulo at Sitio Bay, kinakailangang tumawid ng lawa nang halos isang oras sakay ng bangka. Sa kabila nito, patuloy na umaabot ang mga programa at serbisyo ng FLECO sa mga komunidad na nangangailangan ng suporta.







Liwanag sa Dulo ng Lawa: FLECO, Naghahatid ng Pag-asa sa Sitio Pulot-Bay

Ang mga nabanggit na programa ay pawang mahalagang hakbang tungo sa pagbibigay ng mas maayos na oportunidad sa edukasyon para sa mga batang kabilang sa isa sa mga pinakamalalayong komunidad na sakop ng FLECO.

Sa Sitio Pulot-Bay, maaaring mahaba pa ang paglalakbay patungo sa ganap na pagkakaroon ng mga pangunahing serbisyo. Ngunit sa bawat paglalakbay at bawat kamay na umaabot, mas nagiging malinaw ang direksyon.

Dahil para sa FLECO, ang tunay na liwanag ay hindi lamang nagmumula sa kuryente. Ito ay malasakit na umaabot kahit sa pinakamalayong pamayanan.









FLECO pa rin ang may pinakamababang power rates sa Laguna

BILLING MONTH (2026)	FLECO	PRIVATE ELECTRIC COMPANY	DIFFERENCE
JANUARY	**Php 10.3931**	Php 12.9508	-2.5577
FEBRUARY	**Php 10.9079**	Php 13.1734	-2.2661
MARCH	**Php 10.7310**	Php 13.8161	-3.0851
APRIL	**Php 11.2955**	Php 14.3496	-3.0541
MAY	**Php 10.7130**	Php 14.3345	-3.6215
JUNE	**Php 11.4408**	Php 14.4833	-2.4978
JULY	**Php 11.9855**	Php 14.8261	-2.8406
AUGUST	**Php 12.1928**	Php 14.7833	-2.5905
SEPTEMBER	**Php 9.7372**	Php 14.7424	-5.0052

Nananatiling may pinakamababang power rates sa lalawigan ng Laguna ang First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) mula Enero hanggang Setyembre 2026, batay sa inilabas na power rates comparison.

Batay sa datos, mas mababa ng humigit-kumulang Php 2.2661 hanggang Php 5.0052 kada kilowatt-hour (kWh) ang residential power rates ng FLECO sa nakalipas na tatlong quarter ng 2026 kumpara sa isang pribadong electric company na nagsusuplay din ng kuryente sa ilang bahagi ng lalawigan.

Ipinakikita nito ang patuloy na pagsisikap ng kooperatiba na mapanatiling abot-kaya ang halaga ng kuryente para sa member-consumer-owners (MCOs).

Ayon sa FLECO Management, nananatiling pangunahing layunin ng kooperatiba ang paghahatid ng serbisyong maaasahan at abot-kaya para sa mga MCOs sa 11 bayang nasasakupan nito.

Bilang isang non-stock, non-profit electric cooperative, nakatuon ang FLECO sa paglilingkod sa mga kasapi nito, habang patuloy na pinagbubuti ang kalidad ng serbisyo.

Tiniyak naman ni FLECO General Manager Engr. Richard B. Mondez na magpapatuloy ang pagpapatupad ng mga programa at inisyatiba upang higit pang mapahusay ang operasyon at serbisyo ng kooperatiba.

Sa patuloy na pagsisikap na mapanatiling abot-kaya ang singil sa kuryente at mapabuti ang paghahatid ng serbisyo, naninindigan ang FLECO sa layuning makapaghatid ng liwanag, ginhawa, at mas maunlad na pamayanan para sa bawat MCO.

PHILRECA



Pagpupugay sa FLECO Warriors of Light: National Lineworker's Appreciation Day

Sinimulan ang unang Lunes ng Agosto sa pagdiriwang ng National Lineworkers Appreciation Day bilang pasasalamat at pagsaludo sa magigiting na sundalo ng pailaw ng kooperatiba.

Kabilang sa selebrasyon nito ay ang pakikiisa ng FLECO linemen sa isang webinar na handog ng Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA) na tumalakay sa paghahanda sa sakuna, mental health, at safety ng warriors of light.

Kasabay nito ay naghanda rin ang koop ng salo-salo at isang maikling programa na pinangunahan ng Technical Services Department (TSD).

Nagpaabot din ng mensahe ng pasasalamat sa linemen sina TSD Manager Jan Michael L. Macalalag at FLECO General Manager Engr. Richard B. Mondez.











FLECO, Nagkaloob ng Gill Nets sa 300 Mangingisda sa Lumban

Nagkaloob ang First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) ng bagong gill nets o lambat sa mga miyembro ng Municipal Fisherfolks Aquatic Resources Management Council (MFARMC) sa Lumban, Laguna noong Agosto 4, 2026, bilang bahagi ng livelihood program ng kooperatiba.

Isinagawa ang pamamahagi kasabay ng pagdiriwang ng National Electrification Awareness Month (NEAM) at inaasahang makatutulong sa kabuhayan ng tinatayang 300 mangingisda sa bayan.

Pinangunahan nina FLECO General Manager Engr. Richard B. Mondez at Lumban Board Director Dir. Jamaila V. Barcia ang paglagda sa Memorandum of Agreement (MOA) kasama ang mga opisyal ng MFARMC.

Bilang bahagi ng programa, magsasagawa ang FLECO ng regular na monitoring at evaluation sa pangunguna ng Institutional Services Department upang masubaybayan ang paggamit ng mga ipinagkaloob na kagamitan at ang naging epekto nito sa kabuhayan ng mga benepisyaryo.

Nagpaabot naman ng pasasalamat ang samahan ng mga mangingisda sa FLECO, at sinabing malaking tulong ang mga bagong lambat sa kanilang hanapbuhay.

Ang livelihood program ay kabilang sa mga inisyatibo ng FLECO na naglalayong suportahan ang iba't ibang sektor ng komunidad, kasabay ng mandato nitong maghatid ng maaasahang serbisyo ng kuryente sa mga nasasakupan nito.





Malugod na tinanggap ng FLECO Board of Directors at Management ang board directors mula sa iba't ibang electric cooperatives (ECs) sa South Luzon.

Pinangunahan ni FLECO Board President at PHABDREC South Luzon Pres. Allan S. Gualberto ang pagpupulong.

Naging daan ang pagpupulong upang magtakda ng mga layunin, magbahagi ng updates at best practices ng electric cooperatives, at magpalitan ng mga ideya at karanasan bilang bahagi ng benchmarking upang higit pang mapalakas ang organisasyon.

Bukod dito, nagkaroon din ng pagkakataon ang mga delegado na libutin at makilala ang kultura ng Laguna.

FLECO Employees, Sumailalim sa Mandatory Eight-Hour Safety and Health (MESH) Training

Nakiisa sa Mandatory Eight-Hour Safety and Health (MESH) Training ang mga empleyado ng First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) noong Agosto 13–14, 2026, sa FLECO Multi-Purpose Building sa Lumban, Laguna.

Dinaluhan ng lahat ng empleyado ng kooperatiba ang dalawang araw na Occupational Safety and Health (OSH) training na isinagawa sa pangunguna ng Quezon I Electric Cooperative, Inc. (QUEZELCO I).

Nagsilbing resource speakers sina QUEZELCO I Safety Officers Engr. Merlin M. Capistrano at Engr. Ryan M. Sumayao, na nagbahagi ng kaalaman tungkol sa iba't ibang aspeto ng occupational safety and health.

PHABDREC South Luzon, Nagdaos ng 3rd Quarter Meeting sa Laguna

Sa pangunguna ng First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO), tagumpay na naidaos ang 3rd Quarterly Meeting ng Philippine Association of Board of Directors of Rural Electric Cooperatives (PHABDREC) South Luzon Chapter na ginanap sa Amazing View Resort, Mabitac, Laguna noong Hulyo 12–13, 2026.



Kabilang sa kanilang mga pinuntahan ang makasaysayang Mabitac Church, isang handicraft shop sa Paete, Caliraya Skypod, at isang embroidery shop sa Lumban na nagpapakita ng tradisyonal na paggawa ng barong at mga kasuotang Filipiniana.





Kabilang sa mga tinalakay ang kahalagahan ng OSH, workplace safety preparedness, hazard identification, at risk assessment and control, partikular sa mga panganib na maaaring makaharap sa energy industry.

Matapos makumpleto ang training, kinilala ang mga dumalo bilang Safety Officer I.

Nagpaabot naman ng pasasalamat si FLECO General Manager Engr. Richard B. Mondez sa pamunuan ng QUEZELCO I, partikular kay General Manager Engr. Victor Cada, gayundin sa resource speakers, para sa kanilang pakikipagtulungan sa pagsasagawa ng training.

Power Questions! + tasks

- I-comment sa post na ito ang tamang sagot sa Power Question (clue, narito sa newsletter ang tamang sagot) AT gawin ang Power task.

MECHANICS:

- I-like & follow ang official Facebook page ng FLECO.
- I-heart & share itong post ng Powerlines Newsletter Volume 2026, Issue No. 3 at siguraduhing naka-public ang iyong shared post.

Power Question:
Sa anong buwan naitala ang pinakamababang residential electricity rates ng FLECO ngayong taon at magkano ito?

Power Task:
Mag-selfie kasama ang iyong paboritong appliances.

Example: **December, Php 9.5709/kWh**



I-comment sa post na ito ang iyong selfie kasama ang tamang sagot sa Power Question.

5 lucky winners of Php 500 FLECO vouchers

POWERLINES (The Official Newsletter of FLECO, Inc.)
Corporate Communications & Social Marketing Office
National Highway, Brgy. Lewin, Lumban, Laguna 4014